



## **PANGKATANG PAGDULOG SA PAGTUTURO NG PANITIKANG FILIPINO AT KASANAYAN SA MALIKHAING PAGSULAT**

**WILMA E. DE GUZMAN<sup>1</sup>**

**IMELDA G. CARADA, Ph.D<sup>2</sup>**

16-fs-fil-340@lspu.edu.ph

ORCID No. 0000-0002-7715-7212

Laguna State Polytechnic University - San Pablo City Campus Del Remedios, San Pablo City, Laguna

### **ABSTRAK**

Isang kasanayan na dapat malinang sa bawat mag-aaral ang epektibong pagpapahayag ng kaniyang sariling opinion, saloobin, at ideya sa anyong pasulat gamit ang sariling wika. Kaugnay nito, ang gawain ng guro sa proseso ng pagpapayabong ng kaalaman ay hindi mapapasubalian, kaya't upang makamtan ang pinakamataas na pagpapabuti nito ay nangangailangang siya ay maging edukado at maging bahagi ng komunidad ng pag-aaral. Kaya naman kinakailangang maging maingat at mahusay sa pagpili ng angkop na estratehiya o metodo na gagamitin sa pagtuturo sapagkat nakasasalalay sa guro ang mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sinasabing ang kooperatib-kolaboratib ay isa sa mabibisa o epektibong istratehiya na kinakailangang pag-ukulan ng pansin. Isinagawa ang pag-aaral na ito upang mabatid ang mga sumusunod: (1) ano ang pananaw ng mga tagasagot sa mga elemento ng mga pangkatang pagdulog; (2) ano ang kasanayan sa malikhaing pagsulat ng mga mag-aaral batay sa pagbuo ng pamagat ng kuwento, pagbabago ng katangian ng tauhan, at pagbuo ng sariling pamagat; at (3) kung may makabuluhang pagkakaugnayan ba ang pangkatang pagdulog sa pagtuturo ng panitikang Filipino at kasanayan sa malikhaing pagsulat ng mga mag-aaral. Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong pamamaraan upang madaling makuha at mailarawan ang mga datos na kailangan ng pag-aaral. Batay sa pag-aaral na isinagawa ng mananaliksik, natuklasan na ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon na ang pangkatang pagdulog sa pagtuturo ng panitikang Filipino ay nakatutulong upang mas mahasa ang kanilang kasanayan malikhaing pagsulat sapagkat nakakuha itong kabuuang mean ito na 4.4. Sa kabuuan ng pag-aaral, napatunayan na ang pananaw ng mga mag-aaral sa harapang interaksyon at interpersonal at maliit na pangkat na pangkasanayan ay may mahalagang kaugnayan sa kasanayan sa malikhaing pagsulat. Samantala, ang isahang pananagutan, positive interdependence at prosesong pangkatan naman ay walang makabuluhang kaugnayan. Kaya naman ipinapayo na kapag maayos na ang sitwasyon at wala na ang pandemya ay isaalang-alang at gamitin sa pagtuturo ang pangkatang pagdulog sa pagtuturo ng panitikang Filipino sapagkat ito ang maglulundo sa interaktibong pagganap, pakikisangkot, at kooperasyon ng mga mag-aaral sa klase na siyang kailangan upang matamo ang kasanayang nililalang lalo't higit sa kasanayan sa malikhaing pagsulat ng mga mag-aaral. Mas mainam rin na isaalang-alang ang karanasan at interes ng mga mag-aaral sa pagpili ng estratehiyang gagamitin sa pagtuturo sapagkat mas kinawiwilihan, nagiging aktibo, nagiging interesado at ginaganahan sila sa klase kung sila ay nasisiyahan sa kanilang ginagawa. Iminumungkahi ng mananaliksik na ipagpatuloy ang paggamit ng pangkatang pagdulog sa pagtuturo ng panitikang Filipino at magsaliksik pa ng mga bagong pamamaraan ng pagtuturo na aangkop sa interes at istilo ng mga mag-aaral nang sagayo'y maging matagumpay ang pagkatutong minimithi. Sa huli, iminumungkahi rin na patuloy na magsagawa ang



mga guro nang mas malawak at malalim na pag-aaral hinggil sa paglinang ng kasanayan sa kasanayan sa malikhaing pagsulat.

*Mga Susing Salita: kooperatib-kolaboratib, pangkatang pagdulog, deskriptibong pamamaraan, malikhaing pagsulat*